

Mga Pananaw at Kagustuhan ng Bata

Magkakaroon ng bisa ang mga pagbabago sa *Batas sa Diborsyo* sa Marso 1, 2021. Ang ilan sa mga pagbabagong ito ay makakatulong sa mga magulang, propesyonal ng hustisya sa pamilya, at hukom na isaalang-alang ang mga pananaw at kagustuhan ng bata kapag nagpapasya tungkol sa mga responsibilidad sa pagmamagulang.

Ang dokumentong ito ay:

- magbibigay sa inyo ng ilang pangkalahatang impormasyon kung bakit mahalagang alamin ang saloobin ng mga bata sa mga usapin tungkol sa batas sa pamilya, at
- tutulong sa inyong maunawaan ang mga pagbabago sa *Batas sa Diborsyo* kung saan ginawang mahalagang pagsasaalang-alang ang mga pananaw at kagustuhan ng bata sa pagtukoy sa ikabubuti ng bata

Nasa pahinang ito

- **Mga pananaw at kagustuhan ng bata sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo***
- **Bakit mahalagang makinig sa mga bata**
- **Mga halimbawa ng iba't ibang paraan upang malaman ang saloobin ng mga bata pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo**
- **Mga Serbisyo para sa Hustisya sa Pamilya sa inyong probinsya o teritoryo**

Mga pananaw at kagustuhan ng bata sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*

Mahalagang tiyaking ang mga pagpapasya tungkol sa pagmamagulang pagkatapos ng diborsyo ay para sa ikabubuti ng bata. Ang bagong *Batas sa Diborsyo* ay may listahan ng mga salik upang tulungan kayo at ang mga korte na malaman kung ano ang pinakamainam para sa inyong anak sa inyong partikular na sitwasyon.

Isa sa mga salik na ito ang mga pananaw at kagustuhan ng bata. Nakadepende sa edad at maturity ng bata ang pagpapahalagang ibibigay sa mga pananaw at kagustuhan ng bata. Habang tumatanda ang mga bata, kadalasang mas pinapahalagahan ang kanilang mga pananaw at kagustuhan, ngunit magkakaiba ang bawat bata.

Kung minsan, maaaring hindi angkop na alamin ang mga pananaw at kagustuhan ng bata, halimbawa kung napakabata niya at hindi makakagawa ng sarili niyang mga pananaw. Kung matindi ang salungatan ninyo at ng isa pang magulang, maaaring kailanganin ng inyong anak ng tulong mula sa isang tao gaya ng social worker upang maibahagi ang kanyang mga pananaw.

Walang partikular na edad – gaya ng 12 o 14 – kung kailan maaaring magpasya ang mga bata kung kanino sila titira.

Magkakaiba ang bawat bata, at ang kanilang mga pananaw ay isang salik na isasaalang-alang ng hukom kapag nagpapasya kung anong kasunduan sa

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga kasunduan sa pagmamagulang at mga salik para sa ikabubuti ng bata, pakitingnan ang: Mga kasunduan sa pagmamagulang pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo (Parenting arrangements after separation or divorce).

Bakit mahalagang makinig sa mga bata

May karapatan ang mga bata na ipahayag ang kanilang mga pananaw sa lahat ng usaping makakaapekto sa kanila, lalo na sa korte o mga pang-administratibong paglilitis. Nakasaad ito sa *Kombensiyon sa Mga Karapatan ng Bata (Convention on the Rights of the Child)* ng United Nations, kung saan naging partido ang Canada noong 1991. May ganitong karapatan ang lahat ng bata sa Canada hangga't makakagawa sila ng sarili nilang mga pananaw. Mas dapat pahalagahan ang kanilang mga pananaw habang tumatanda at nagkakamalay sila.

Direktang nakakaapekto sa mga bata ang mga pasyang ginagawa ng mga magulang at hukom tungkol sa pagmamagulang, at dapat magkaroon ng pagkakataon ang mga bata na ibahagi ang kanilang mga pananaw tungkol sa mga pasyang ito. Ipinapakita rin sa pananaliksik na mas nakakayanan ng mga bata ang paghihiwalay ng kanilang mga magulang kapag nagkaroon sila ng pagkakataong ipahayag ang kanilang mga pananaw.

Gusto ng ilang bata na magkaroon ng boses sa mga kasunduan sa pagmamagulang pagkatapos maghiwalay o magdiborsyo ng kanilang mga magulang. Kapaki-pakinabang na kausapin ang mga bata tungkol sa kung ano ang mahalaga sa kanila sa pangkalahatan. Maaaring kasama rito ang kanilang mga pang-araw-araw na ginagawa at aktibidad, halimbawa. Mahalagang iwasang tanungin ang inyong mga anak ng mga direktang tanong na manggigipit sa kanila, halimbawa, kung kanino nila gustong tumira. Dahil dito, maaaring maramdaman nilang kailangan nilang pumili sa pagitan ninyo at ng isa pa nilang magulang.

May ilan ding mga bata na ayaw magbahagi ng kanilang mga pananaw sa kanilang mga magulang o kaninuman. Okay lang din iyon.

Ang pagkuha ng input mula sa mga bata ay hindi nangangahulugang hinihiling ninyo sa kanilang magpasya tungkol sa mga kasunduan sa pagmamagulang o sinasabi ninyo sa kanilang kailangang may panigan sila. Mahalagang maunawaan ng mga bata ang pagkakaiba ng pagbibigay ng kanilang opinyon at pagpapasya.

Iba't ibang paraan upang makinig sa mga bata pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo

Iwasang tanungin ang inyong mga anak ng mga tanong tulad ng “kanino ninyo gustong tumira”?

Ilalagay sila nito sa gitna ng salungatan.

Maraming iba't ibang paraan upang makinig sa mga bata. Mahalagang kunin ang mga pananaw ng inyong anak anuman ang pagpapasyang gagawin ninyo tungkol sa mga kasunduan sa pagmamagulang.

Mas mainam kung magkasamang magpapasya ang mga magulang kung paano isasali ang kanilang mga anak. Maaari kayong magpasyang tanungin ang mga pananaw ng inyong anak pagkatapos ninyong magpasyang maghiwalay. Maaari din kayong magpasyang alamin ang kanilang mga pananaw nang higit sa isang beses habang nagsisikap kayong resolbahin ang mga isyu sa pagmamagulang. Maaari din kayong magpasyang isali ang inyong anak sa isang proseso sa labas ng korte, tulad ng pamamagitan.

Narito ang ilang halimbawa ng mga paraan upang isali ang mga bata kung gagawin ninyo ang inyong mga kasunduan sa pagmamagulang nang hindi pumupunta sa korte:

- pakikipag-usap ng mga magulang (mas mainam kung magkasama) sa mga bata
- pagbabahagi ng mga bata ng kanilang mga pananaw sa isang propesyonal, tulad ng social worker, psychologist, o psychiatrist, na siyang mag-uulat tungkol sa mga pananaw ng mga bata; at/o
- pamamagitan o iba pang proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya kung saan kasali ang mga bata, halimbawa, ipakausap ang inyong anak sa inyong mediator at hayaang sabihin ng inyong mediator ang mga pananaw ng inyong anak sa mga sesyon ng pamamagitan

Narito ang ilang halimbawa ng mga paraan upang isali ang mga bata kung pupunta kayo sa korte:

- isang pagtatasa sa plano sa pagmamagulang na naglalaman ng mga panayam sa bata ng isang propesyonal sa kalusugan ng isip
- isang ulat tungkol sa mga pananaw ng bata batay sa isa o dalawang panayam sa bata ng isang kwalipikadong walang pinapanigang ikatlong partido, tulad ng social worker, abugado, o klinikal na tagapayo
- isang abugado para sa bata at/o
- isang panayam sa bata ng isang hukom

Mahalaga ring ipagpatuloy ang pakikinig sa mga bata *pagkatapos* magpasya tungkol sa mga responsibilidad sa pagmamagulang. Pag-isipan ang magiging epekto ng salungatan sa bata at subukang resolbahin nang tahimik ang mga di-pagkakasundo tungkol sa mga responsibilidad sa pagmamagulang.

Maraming paraan kung paano ninyo mareresolba ang mga isyu pagkatapos ninyong magpasya nang hindi pumupunta sa korte. Halimbawa, maaari ninyong isali ang mga bata sa koordinasyon sa pagmamagulang, isang prosesong nakatuon sa bata para sa pagresolba ng mga di-pagkakasundo sa pagmamagulang na mangyayari pagkatapos ninyong gumawa ng kasunduan o utos tungkol sa oras para sa pagmamagulang, mga responsibilidad ng magulang, o ugnayan sa pagitan ng bata at iba pang mahahalagang

tao sa buhay ng bata. Maaaring gumamit ang mga coordinator para sa pagmamagulang ng kumbinasyon ng pamamagitan at arbitrasyon upang resolbahin ang mga di-pagkakasundo sa pagmamagulang.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga proseso ng pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya, mangyaring kumonsulta sa fact Sheet na - [Pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya: pagresolba sa mga isyu sa batas sa pamilya sa labas ng korte \(Family dispute resolution: resolving family law issues out of court\)](#).

May tungkulin din ang mga magulang na:

- magpasya para sa ikabubuti ng kanilang anak (makakatulong ang pakikinig sa kanya), at
- huwag isali ang kanilang mga anak sa kanilang mga di-pagkakasundo (halimbawa, hindi dapat i-record ng mga magulang ang kanilang mga pakikipag-usap sa anak para magamit sa mga paglilitis sa korteng pampamilya, o hilingin sa bata na magpasa ng mga mensahe sa isa pang magulang)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga tungkulin ng mga magulang sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, pakitingnan ang: <https://www.justice.gc.ca/eng/fl-df/pub.html>

Walang “pangkalahatang” paraan upang isali ang mga bata sa mga pagpapasya tungkol sa pagmamagulang pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo. Mahalagang isipin kung ano ang pinakamainam para sa inyong anak sa inyong sitwasyon.

Mga serbisyo para sa hustisya sa pamilya sa inyong probinsya

Ang mga serbisyo para sa hustisya sa pamilya ay mga pampubliko o pribadong serbisyo na naglalayong tulungan ang mga taong harapin ang mga isyung nagmumula sa paghihiwalay o diborsyo.

Ang mga probinsya at teritoryo ay may [mga serbisyo para sa hustisya sa pamilya](#) na nauugnay sa pag-alam sa mga pananaw ng mga bata, pati na rin mga serbisyo gaya ng pamamagitan at mga sesyon sa pagbibigay ng impormasyon sa pagmamagulang, na maaaring maging talagang kapaki-pakinabang sa inyo. Maaari kayong makakita ng iba pang nakakatulong na serbisyo sa website ng [pamahalaan ng inyong probinsya o teritoryo](#). Sa ilalim ng bagong *Batas sa Diborsyo*, may tungkulin ang mga legal na tagapayo na ipaalam sa kanilang mga kliyente ang tungkol sa anumang serbisyo para sa hustisya sa pamilya na maaaring makatulong sa kanila.

Mga kaugnay na link

- [Mga kasunduan sa pagmamagulang pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo \(Parenting arrangements after separation or divorce\)](#)

- Paggawa ng Mga Plano: Isang gabay sa mga kasunduan sa pagmamagulang pagkatapos ng paghihiwalay o diborsyo (Making Plans: A guide to parenting arrangements after separation or divorce)
- Checklist ng Plano sa Pagmamagulang (Parenting Plan Checklist)
- Dahil Nagpapatuloy ang Buhay . . . Pagtulong sa Mga Bata at Kabataang Tanggapin ang Paghihiwalay at Diborsyo (Because Life Goes On . . . Helping Children and Youth Live with Separation and Divorce)
- Pagresolba sa di-pagkakasundo ng pamilya: pagresolba sa mga isyu sa batas sa pamilya sa labas ng korte (Family dispute resolution: resolving family law issues out of court)
- Diborsyo at Karahasan sa Pamilya (Divorce and Family Violence)